

Pebrero 28, 2022
Tagapagpaganap 2022-06

Kautusang

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-06
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 101)

SAPAGKAT, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 3,031,200, at kumitil ng buhay ng higit sa 32,700 na mga residente; at,

SAPAGKAT, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyong sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

SAPAGKAT, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, maraming variant ang lumitaw sa panahon ng pandemya, bawat isa ay may iba't ibang paghawa at antas ng kalubhaan; at,

SAPAGKAT, ang paghula sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap sa pandemyang ito ay isang mahirap na trabaho, at maaaring mangahulugan na ang mga napatunayang mitigasyon sa pandemya tulad ng pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan na mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19 ay maaaring kailanganin muli; at,

SAPAGKAT, ang Estado ng Illinois ay nakakita ng malaking pagbabago sa mga nakalipas na linggo ng mga pagpapaospital at paghawa; at

SAPAGKAT, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naglabas ng binagong patnubay noong Pebrero 25, 2022, upang alisin ang rekomendasyon nito para sa unibersal na pagsusuot ng mask sa loob, kasama ang mga setting ng K-12; at,

SAPAGKAT, ang patnubay na iyon ay nagbigay ng balangkas para sa pagtatantiya ng mga antas ng COVID-19 sa komunidad batay sa mga pagkakaospital dahil sa COVID-19, pagkakaroon ng kama para sa inpatient, at bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang gabay ng CDC ngayon ay nagrerekomenda lamang ng unibersal na pagsusuot ng mask sa mga komunidad na may mataas na antas ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, patuloy na nagpapayo ang CDC na ang ilang mga setting ng komunidad, tulad ng mga paaralan at mga komunal na setting na may mataas na panganib ay maaaring mangailangan ng karagdagang mga layer ng pag-iingat batay sa mga katangian ng setting at kung sakaling magkaroon ng outbreak; at,

SAPAGKAT, kahit na walang utos ng Estado, maaaring piliin ng mga K-12 na paaralan, mga pasilidad ng pangangalaga ng bata, at iba pang mga setting na hilingin sa mga indibidwal na magsuot ng mga face mask batay sa antas ng COVID-19 sa komunidad at iba pang mga katangian ng setting; at,

SAPAGKAT, ang ilang mga employer ay pumasok sa mga collective bargaining agreement na patuloy na nag-aatas sa mga indibidwal na magsuot ng face mask sa ilang partikular na setting; at,

SAPAGKAT, patuloy na inirerekomenda ng CDC na ikonsidera ng mga indibidwal na immunocompromised o mataas ang panganib para sa malubhang sakit ang pagsusuot ng angkop na mask sa loob ng mga pampublikong lugar kapag mataas ang antas ng COVID-19 sa komunidad; at,

SAPAGKAT, patuloy na inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mask ang mga tao na may mga sintomas, positibong test, o pagkaka-expose sa isang tao na may COVID-19; at,

SAPAGKAT, maaaring piliin ng mga indibidwal na magsuot ng mask anumang oras; at,

SAPAGKAT, noong Pebrero 4, 2022, bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad;

SAMAKATWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan ng mga batas sa pampublikong kalusugan, iniuutos ko ang mga sumusunod, simula Pebrero 28, 2022:

Seksyon 1: Mga Depinisyon.

- a. Ang ibig sabihin ng “mga setting ng pangangalaga sa kalusugan” ay mga lugar kung saan ibinibigay ang pangangalagang pangkalusugan at kasama, ngunit hindi limitado sa, mga pasilidad ng acute care, mga pasilidad ng pangmatagalang acute-care, mga pasilidad sa rehabilitasyon ng inpatient, mga nursing home, pangangalaga sa kalusugan sa tahanan, mga sasakyan kung saan ibinibigay ang pangangalagang pangkalusugan (hal., mga mobile na klinika at ambulansya), at mga pasilidad ng outpatient, tulad ng mga dialysis center, mga opisina ng manggagamot, mga opisina ng dentista, mga ambulatory surgical treatment center, at iba pa.
- b. Ang ibig sabihin ng “mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga” ay mga pasilidad ng skilled at intermediate na pangmatagalang pangangalaga na lisensyado sa ilalim ng Nursing Home Care Act, ng ID/DD Community Care Act ng MC/DD Act; Mga Espesyalisadong Pasilidad sa Rehabilitasyon ng Kalusugan ng Pag-iisip; mga pasilidad ng assisted living, at mga pasilidad ng supportive living.

Seksyon 2: Mga Kinakailangan sa Pantakip sa Mukha.

- a. Ang mga Seksyon 1(a) at 2(a) ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-18 at Seksyon 1 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 ay pinapawalang-bisa.
- b. Ang lahat ng mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga sa Illinois ay dapat na patuloy na sumunod sa patnubay na ibinigay ng CDC at IDPH tungkol sa paggamit

- ng mga pantakip sa mukha sa mga komunal na pasilidad para sa mga tao na lampas sa edad na dalawa at kayang tiisin ang pantakip sa mukha.
- c. Ang lahat ng mga indibidwal, anuman ang katayuan sa pagbabakuna, ay patuloy na kailangang magsuot ng pantakip sa mukha (1) kung saan iniaatas ng pederal; (2) sa mga eroplano, bus, tren at iba pang uri ng pampublikong transportasyon at sa mga hub ng transportasyon tulad ng mga paliparan at mga istasyon ng tren at bus; (3) sa mga komunal na pasilidad tulad ng mga pasilidad ng koreksyonal at mga kanlungan para sa mga walang tirahan; at (4) sa mga setting ng pangangalaga sa kalusugan. Ang probisyong ito ay hindi nalalapat sa mga bus o van na pinapatakbo ng mga pampubliko o pribadong sistema ng paaralan, kabilang ang mga bus o van na pinapatakbo ng mga programa sa maagang pangangalaga at edukasyon/pangangalaga sa bata.
 - d. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang nagbabawal sa isang indibidwal sa pagpiling magsuot ng pantakip sa mukha o isang pampubliko o pribadong entidad sa pagpili na mangailangan ng mga pantakip sa mukha sa ilang partikular na setting.
 - e. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto sa pagkakagamit ng isang collective bargaining agreement tungkol sa mga pantakip sa mukha.

Seksyon 3: Pangligtas na Sugnay. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Pebrero 28, 2022
Inihain ng Kalihim ng Estado Pebrero 28, 2022